Pabatid **Balita**

# Badyet 2023: Pagsuporta sa mga Albertan

Peb. 28, 2023

Sinisiguro ng Budget 2023 ang kinabukasan ng Alberta sa pamamagitan ng pagbibigay ng kaluwagan sa mga Albertan na nahaharap sa mas mataas na gastos sa pang-araw-araw na pangangailangan.

Ang badyet ay nagpapalawak ng kaluwagan para sa mataas na mga gastos sa utility at nagbibigay ng bagong tulong para sa mga mag-aaral mga manggagawa sa mga serbisyong panlipunan at mga sektor ng personal na pangangalaga.

Para mapagaan ang mga gastos sa utility, ang gobyerno ng Alberta ay permanenting pinalawig ang programa ng natural gas rebate. Sa tuwing lumampas ang mga presyo ng natural na gas sa $6.50 bawat gigajoule, magkakabisa ang rebate.

**Pagsuporta sa mga mag-aaral**

Ang mga mag-aaral pagkatapos ng sekondarya ay makakakita ng $238 milyon sa mga panukalang affordability. Nalilimitahan din ng Budget 2023 ang pagtaas ng tuition-fee para sa mga domestic na estudyante sa dalawang porsyento. Ang mga mag-aaral na tumatanggap ng pinansiyal na tulong ay makakakuha ng karagdagang tulong sa pagbabayad ng kanilang mga utang at ang rate ng interes sa mga utang ng mag-aaral ay ibinababa sa prime rate.

**Pagsuporta sa mga pamilya**

Ang mga karapat-dapat na pamilya ay makikinabang mula sa mga panukalang abot-kaya kabilang ang mga direktang pagbabayad na $100 bawat bata bawat buwan hanggang Hunyo 2023.

Isa pang $90 milyon sa loob ng tatlong taon ang mag-i-index ng Alberta Child and Family Benefit sa inflation, na magtataas ng mga halaga ng benepisyo ng anim na porsyento sa 2023.

**Kaugnay na impormasyon**
Alberta.ca/Budget

**Mga katanungan sa media**
Charlotte Taillon
charlotte.taillon@gov.ab.ca
780-932-5381
Kaliham ng Press, Treasury Board at Pananalapi

**Pagsuporta sa mga nakatatanda at iba pang mahihinang Albertans**

Ang mga nakatatanda na may edad 65 pataas na may kita ng sambahayan na wala pang $180,000 batay sa 2021 na taon ng buwis ay karapat-dapat pa ring tumanggap ng mga direktang pagbabayad na $100 bawat buwan sa loob ng anim na buwan (Enero 2023 - Hunyo 2023).

Ang mga Albertan na tumatanggap ng Alberta Seniors Benefit, AISH at Income Support ay awtomatikong naka-enroll para makatanggap ng parehong Affordability Relief Payments na $600 sa loob ng anim na buwan.

Ang gobyerno ng Alberta ay higit pang sumusuporta sa mga nakatatanda, mababa ang kita, at mga mahihinang Albertan na may anim na porsyentong pagtaas sa AISH, Income Support at Alberta Senior's Benefit noong 2023.

Upang suportahan ang mga programang transit pass sa mga mababa ang kita, ang Budget 2023 ay namumuhunan ng $16 milyon para sa abot-kayang pagbibiyahe.

**Pagsuporta sa mga manggagawa sa serbisyong panlipunan at may kapansanan**

Tumutulong ang gobyerno na maakit at mapanatili ang mas maraming manggagawa sa serbisyong panlipunan upang suportahan ang mas maraming taong nangangailangan. Kasama sa Budget 2023 ang $102 milyon sa 2023-24 upang taasan ang sahod para sa mahigit 20,000 manggagawa sa mga serbisyo sa may kapansanan, mga tirahan para sa walang tirahan at mga programa sa pag-iwas sa karahasan sa pamilya. Ito ay idinagdag sa $24 milyon na ibinigay ng gobyerno sa mga service providers noong Pebrero para sa pagtaas ng sahod.